# JESUS > Mas Mabuting Sakripisyo

WEEK 9

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na kakabili mo lang, na sa tingin mo ay sulit na sulit. Bakit?
- Kailan ang huling pagkakataong may gumawa sa iyo ng pabor? Paano mo ipinakita ang pagpapahalaga mo sa ginawa niya?
- Naranasan mo na bang makumpleto ang bayad sa isang bagay na hindi mo inakalang mabibili mo? Ano ang pakiramdam mo nang matapos mo itong bayaran?

## WORD

*11 Ngunit dumating na si Cristo na punong pari ng bagong
pamamaraan na higit na mabuti kaysa sa dati. Pumasok
siya sa mas dakila at mas ganap na Tolda na hindi gawa
ng tao, at wala sa mundong ito. 12 Minsan lang pumasok si
Cristo sa Pinakabanal na Lugar. At hindi dugo ng kambing
o ng guya ang dala niya kundi ang sarili niyang dugo. At
sa pamamagitan ng kanyang dugo, tinubos niya tayo sa
mga kasalanan natin magpakailanman.* **HEBREO 9:11–12**

(Basahin din ang **HEBREO 9:13–28.**)

Nakadetalye sa aklat ng Leviticus ang sistema ng pagsasakripisyo na itinakda ng Diyos para maipamuhay ng Kanyang mga mamamayan ang ugnayan na mayroon sila sa Kanya. Iba't ibang uri ng handog at sakripisyo ang kailangang gawin—ang ilan ay para sa pagtubos ng kasalanan, at ang iba ay para maideklara silang malinis. Ang punong pari ang nagsisilbing tagapamagitan ng tao at ng Diyos—ang sakripisyo para sa paglilinis ng kanyang sarili ang una niyang iniaalay, bago siya magsagawa ng pag-aalay para sa mga mamamayan ng Diyos. Isa itong pagpapakita ng gagawin ni Jesus. Ngunit si Jesus, na ating punong pari at tagapamagitan magpakailanman, ay Siya ring naging sakripisyo para sa kasalanan upang ang tao ay makalapit sa Diyos. Bakit higit at mas mabuti ang sakripisyo ni Jesus kumpara sa iba?

## APPLICATION

- Hindi na kailangang ulitin pa ang sakripisyo ni Jesus. Paano naaapektuhan ng katotohanang ito ang relasyon mo sa Diyos? Paano nito mababago ang pamumuhay at pagtugon mo sa Kanya?
- Paano naaapektuhan ng realidad natin kay Cristo sa hinaharap at ng Kanyang muling pagdating ang pananaw mo sa buhay at paraan mo ng pamumuhay? Ano ang pwede mong gawin ngayong linggo para ipakita ang pag-asa na taglay mo kay Jesus at sa ginawa Niya para sa atin?
- Hindi natin kailangang paghirapan ang ating kaligtasan dahil sapat na ang sakripisyo ni Jesus—para sa lahat ng tao, lahat ng kasalanan, at sa lahat ng panahon. Ibahagi ang ebanghelyo ngayong linggo sa isang taong kailangang marinig ang katotohanang ito.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa ginawang pagliligtas ni Cristo, na sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus ay naibalik tayo—sa pamamagitan ng pananampalataya—sa tamang relasyon sa Diyos.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang mamuhay ayon sa pananaw na may walang-hanggan—na maipakita ng iyong mga prayoridad, mga desisyon, at mga relasyon ang isang pusong nagtitiwala sa ginawa at tagumpay ni Jesus.
- Ipanalangin na ang mga dumaraan sa mga pagsubok ay makahanap ng pag-asa sa katotohanang sapat ang sakripisyo ni Jesus, at darating Siya muli para iligtas ang mga sabik na naghihintay sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Bruce Chua, Romeo Mercado, Ruth Gloria, Chrysse Pili, Janine Pineda, Mona Pondales, Ian Susi, Jasmine Villegas, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Ang isang beses na sakripisyo ni Jesus ay hindi na kailangang ulitin kailanman.

*[12]Minsan lang pumasok si Cristo sa Pinakabanal na Lugar. At hindi dugo ng kambing o ng guya ang dala niya kundi ang sarili niyang dugo. At sa pamamagitan ng kanyang dugo, tinubos niya tayo sa mga kasalanan natin magpakailanman. . . . [26]Dahil kung kailangang ulit-ulitin, maraming beses sanang nagdusa si Cristo mula pa nang likhain ang mundo. Pero minsan lamang siya naparito sa mundo para alisin ang mga kasalanan natin sa pamamagitan ng paghahandog ng kanyang sarili.* **HEBREO 9:12, 26**

Hindi tulad ng mga sakripisyo sa Lumang Tipan na kailangang ulitin taon-taon at limitado lamang sa ilang uri ng kasalanan ng mga Israelita, ang sakripisyo ni Jesus sa krus ay isang beses lang at para sa lahat—lahat ng uri ng kasalanan at lahat ng uri ng tao. Ipinapakita nito na imposibleng mapatawad ang kasalanan sa pamamagitan lamang ng dugo ng mga toro at kambing (Hebreo 10:4). Nang mamatay ang ating Tagapagligtas sa krus, hindi na kailangan pang mag-alay ng karagdagang sakripisyo. Higit ang sakripisyo ni Jesus kaysa sa mga sakripisyo sa ilalim ng lumang tipan. Hindi lang Siya punong pari, kundi Siya rin mismo ang naging sakripisyo. Sa krus, inako ni Jesus ang bigat ng ating mga kasalanan at ang kamatayan na nararapat para sa atin. Ngayong nalaman mo na ang sakripisyo ni Cristo ay ganap at sapat, paano nito maaapektuhan ang iyong *identity* o pagkakakilanlan bilang isang taong lubos na nagtitiwala sa ginawa Niya?

## 2 Ang sakripisyo ni Jesus ay nagdadala ng ganap na paglilinis.

*. . . di lalo na ang dugo ni Cristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Banal na Espiritu, inialay ni Cristo ang sarili niya bilang handog na walang kapintasan sa Dios. Ang dugo niya ang lilinis sa ating puso't isipan para matalikuran natin ang mga gawaing walang kabuluhan at paglingkuran ang Dios na buhay.*
**HEBREO 9:14**

Hindi kailanman malilinis ng mga sakripisyong hayop ang tao mula sa kasalanan. Ang sakripisyo lamang ni Jesus ang tunay na makakagawa nito. Kalooban ng Diyos na tayo'y maging banal—hiwalay sa kasalanan at inilaan para sa Kanya. Ang ginawa ni Jesus sa krus ay hindi lamang panlabas na paglilinis, kundi hanggang sa kaibuturan ng ating pagkatao. Dahil dito, malaya na tayong mamuhay para sa Kanya—walang pagkondena o kahihiyan. Paano maiimpluwensiyahan ng katotohanang ito ang pananaw mo habang naglilingkod ka sa Diyos?

## 3 Ang sakripisyo ni Jesus ay nagbibigay ng pagtubos na walang hanggan.

*Kaya si Cristo ang ginawang tagapamagitan sa atin at sa Dios sa bagong kasunduan. Sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, tinubos niya ang mga taong lumabag sa unang kasunduan. Dahil dito, matatanggap ng mga tinawag ng Dios ang walang hanggang pagpapala na ipinangako niya.* **HEBREO 9:15**

Ang sakripisyo ni Jesus ay nagsilbing selyo ng pangako sa bawat mananampalatayang lubos na nagtitiwala sa Kanyang ginawa. Tinitiyak nito ang buhay na walang hanggan kasama ang Diyos at ang pag-asa para sa muling pagkabuhay. Dahil sa sakripisyo ni Cristo, makakaasa tayo na walang hanggan nating makakasama ang Diyos. Batay sa katotohanang ito, paano mo titingnan ang mga pinagdaraanan mo sa kasalukuyan?